**PANDIBISYONG MEMORANDUM BLG 105 S. 2019**

Name of Office: CID

| | |
|---|---|
| Para sa: | Mga Pandistritong Tagamasid/Namamahala ng mga Distrito<br>Mga Namumuno ng mga Pampublikong Paaralang Sekundarya<br>Lahat ng Kinauukulan |
| Mula kay: | **MARIE CAROLYN B. VERANO, CESO VI**<br>Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan |
| Paksa : | **PANDIBISYONG PAGSASANAY-PALIHAN SA PAGPAPAANGAT NG KAKAHAYANG PEDAGOHIKAL NG MGA GURO NG FILIPINO SA SEKUNDARYA (*PEDAGOGICAL RETOOLING FOR SECONDARY TEACHERS IN FILIPINO DUBBED AS PRIMALS-FILIPINO*)** |
| Petsa: | Abril 8, 2019 |

APR 08 2019

NESTOR L. BOLAYO
Public Schools District Supervisor
OIC-Asst. Schools Division Superintendent

1. Bilang pagbabahagi ng nakaraang pagsasananay sa nasyunal at rehiyunal kaugnay ng mga angkop na gawaing pedagohikal na dinaluhan ng ilang piling mga tagapagsanay mula sa Sangay ng Benguet, ilulunsad ang **Pandibisyong Pagsasanay-Palihan sa Pagpapaangat ng Kakahayang Pedagohikal ng mga Guro ng Filipino** sa Sekundarya sa Abril 22-26, 2019. Ang lugar kung saan gaganapin ang pagsasanay ay ipababatid pa.
2. Layunin ng nasabing gawain na:
   a. *mapapalalim ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa angkop na pedagohiya lalo na sa pagtuturo ng mga kasanayang di masyadong nalilinang;*
   b. *maitutuwid ang lumang pananaw hinggil sa mga pamamaraan ng pagtuturo ng wika; at*
   c. *mailalapat ang mga angkop na dulog, estratehiya at metodo ng pagtuturo para sa mga mag-aaral ng ika-21 siglo.*
3. Bawat paaralang sekundarya ay inaasahang magpapadala ng isang guro sa Filipino *(nagtuturo ng baitang 7-10)* bilang kalahok. Inaasahang bibigyang prayoridad ang mga gurong walang gaanong pagsasanay na dinaluhan. Inaasahan din na ang mga paaralang may gurong kabilang sa mga tagapagdaloy (facilitators) ay magpapadala pa rin ng isa pang kalahok.
4. Ang sumusunod na tagapagdaloy ay magkakaroon ng **pinal na pulong** sa Abril 17, 2019 sa Adivay Hall ng Sangay ng Benguet para sa pagrerepaso ng sesyon at paghahanda ng mga kakailanganin:
   a. *Melita Banglo – TSHI-Main*
   b. *Marites Sharon De Vera – CRSHS*
   c. *Teresita Lumbag – BeNHS-Main*
   d. *Jessica Laruan – BeNHS-Main*
   e. *Flora Lidua- GBDAIS-Main*
   f. *Lourdes Sinakay – Bokod NHS*
   g. *Junia Naisod- Kamora NHS*
   h. *Melinda Esteban – Loo NHS*
   i. *Minda Arisga – TCNHS*
   J. *Dominga Sugando- Lepanto NHS*
   H. *Elizabeth Montes - FMNHS*
   I. *Corazon Villena- AMPMNHS*
5. Ang limang pananghalian at meryenda ng mga kalahok at mga tagapagdaloy sa limang araw gayundin ang pagkain sa nabangggit na pulong ay popondohan ng HRTD fund ng sangay samantalang ang kanilang pamasahe, akomodosyon at ipa pang gastusin ay manggagaling sa kani-kanilang pondo ng paaralan/MOOE sa kondisyong ito ay susunod sa alituntunin ng pagtutuos at pag-oodit.
6. Bawat gurong kalahok ay mapagkakalooban ng *service credits* alinsunod sa alituntuning kaugnay ng paglahok sa mga pagsasanay sa panahon ng bakasyon.
7. Hinihiling ang dagliang pagpapalaganap sa memorandum na ito.